## Abiso para sa lahat ng REGISTERED overseas Filipino voters sa northern Italy na hindi pa nakakatanggap ng balota

Inaabisuhan ng Konsulado ang lahat ng mga **REGISTERED overseas Filipino voters sa northern Italy** na hindi pa nakakatanggap ng kanilang mga balota sa pamamagitan ng *Poste Italiane* na bumisita sa Konsulado bago 09 May 2022 at bumoto nang personal.

Ang schedule ng pagboto ng Konsulado hanggang sa araw ng halalan:

| | |
|---|---|
| Araw-araw hanggang 08 May 2022 | 09:00 – 17:00 |
| 09 May 2022 (huling araw) | 09:00 – 13:00 |

Ang mga rehistradong botante na hindi nakatira sa *Comune di Milano* ay hihilingin na magsagawa ng "Affidavit" (sinumpaang salaysay) na nagsasaad na hindi pa nila natanggap ang kanilang mga balota sa posta at sila ay nangangakong ibabalik sa Konsulado ang balota na matatanggap sa posta sa anumang paraan at sa lalong madaling panahon. Ang hindi pagsauli ng balota ay isang criminal offense sa Pilipinas.

Bago pumunta sa Konsulado, siguraduhing ikaw ay **REGISTERED** overseas voter sa Philippine Consulate General sa Milano:

https://comelec.gov.ph/php-tpls-attachments/OverseasVoting/2022NLE/CLOV/EUROPE/MILAN.pdf

Hinihikayat ng Konsulado ang lahat ng mga rehistradong botante na gamitin ang kanilang karapatang bumoto at direktang lumahok sa pagpili ng susunod na hanay ng mga pinuno ng bansa.

**02 May 2022**